# Prologue

Malapit nang mag-alas-doce ng gabi nang matapos ang huling araw ng ikalawang art show ni Kate. Pagod na pagod na naupo siya sa black leather sofa malapit sa lobby ng art gallery. Ilang bisita ang dumaan sa harapan niya upang i-congratulate siya sa success ng art show. Treintang obra ang naka-display roon and it took her only six months to finish them all.

Kathrine Sto. Domingo was a very successful artist. She was among the young painters of her generation, ngunit hinahantulad siya sa mas nakakatandang mga artists. Kakaiba ang istilo niya ng paglikha; you see what you want to see. Watercolor ang gamit niya sa paglikha ng painting; sobrang magkaiba ang interpretations ng kahit alin sa mga ito. Madalas ay nagdedebate ang mga ito tungkol sa gusto niyang ipahiwatig.

Halos hindi na mapigilan ni Kate ang humiga sa malambot na leather sofa dahil sa sobrang pagod. Inayos niya ang pagkakaupo at inihilig ang kanyang ulo sa armrest ng upuan, at inilagay ang kanang paa sa ilalim ng kaliwang hita niya. Kahit hindi niya

tinanggal ang straps ng kanyang high-heeled shoes ay nakaramdam siya ng kaunting ginhawa.

Nakasuot siya ng sequined white blouse na gawa sa sutla na naka-tuck-in sa pantalong maong na may embroidery ng mga bulaklak. Simpleng headband at relo lang ang kanyang accessories.

Mahaba at tuwid ang kanyang dark brown hair. Mala-porselana ang makinis niyang kutis. Mapupula ang kanyang labi, na may perfect Cupid's bow sa upper lip niya. Chinita ang kanyang light brown eyes.

Nakaidlip nang kaunti si Kate sa sofa, nang magising siya ng isang malakas na halakhak. Dahil ilang araw na ring puyat ay disoriented na gumising siya.

"Huh?" aniya na inaantok pa ang mga mata. Pero dahil pagod na pagod ay muli siyang naidlip.

Ang may-ari ng tinig ay napatigil sa pakikipagbiruan sa isang kapwa bisita at napatingin sa babaeng umiidlip sa sofa ng art gallery.

Napasimangot si Jason Benavides Araullo III, hindi nagustuhan ang inasal nito. Matulog ba naman ito, may mga bisita pa sa paligid. Subalit hindi nakatakas sa obserbasyon niya ang mga pilikmata ng

estranghera, napakakakapal at napakahaba. Napansin din niya ang mapupula nitong labi, at tila parang may binubulong ito. Pero tulog!

*Hindi ba niya alam na napaka-inappropriate ng ginagawa niya?* saloob ng binata. He concluded that the sleeping woman was someone's wife or girlfriend na wala talagang interes sa art, ngunit napilitang samahan ang lalaki. Sa tingin niya, hitsura pa lang ay mukha itong babaeng mahilig pumunta sa disco at medyo pakawala. Naging konklusyon niya iyon dahil sa halos makita na niya ang itim at lacy bra ng babae sa ilalim ng silk blouse nito.

Unmindful of the people around him, he watched her from where he stood, not far from the sofa. He observed the gentle rise and fall of her chest. Being a man who had just broken up with his long-time girlfriend, he felt the initial stirrings of desire for the unknown woman sleeping on the gallery's sofa. Desire... and protectiveness.

Jason had never felt protective towards the women he slept with. Nagulat siya na puwede palang maramdaman ang pagnanasa at ang urge na protektahan ang isang tao. Bago ito para sa kanya. Nakasanayan na niyang magbilang ng mga babae, paibigin ang mga ito at iwan pagkatapos kapag

nagsawa na siya. Tumalikod siya sa natutulog na babae sa sofa.

Pilit niyang tanggalin sa isipan ang imahe ng babaeng ito. Pero nang magtagumpay siyang gawin iyon ay iba naman ang naglaro ang kanyang isip: the same woman... lying on his bed, naked and her body covered with a thin cotton blanket... on her face was a smile of a sexually satisfied woman. And his lustful imagination saw another vision of this desirable female... sa resthouse niya sa Baguio, on the sofa in front of the fireplace, she was lying naked, with her hair spread all over the plush bear skin.

Pinagalitan ni Jason ang sarili. This was stupid. Ni hindi niya kilala ang babae! Nakita lang niya ito na natutulog sa isang sofa sa isang art gallery, kung anu-ano na ang kanyang naiisip.

Minasdan niya ang mga ibang bisita—kung sino ba ang maaaring kasama ng babaeng ito. Maliban sa kanya, they were all old enough to be her grandfather. Tantya niya sa edad ng babae ay nasa early twenties lamang, at lahat ng mga lalaki roon puwera sa kanya ay mga lampas fifty-five ang edad.

*Gold digger,* he concluded again with disgust.

Iyon ang pakiramdam niya;  nakakuha ang babae ng mayamang boyfriend o asawa na sobra ang tanda rito, walang kainte-interes sa culture at arts, at walang good breeding—na napapakita ng pagtulog nito sa sofa sa isang party.

Nilapitan ng may-ari ng art gallery ang natutulog na babae. Kasabay niyon ang paghatak kay Jason ng kasama niyang mga kasosyo sa negosyo sa pagpunta sa exhibit. Napalingon siya sa dako ng sofa. Hindi na niya narinig kung ano ang pangalang itinawag ng may-ari ng gallery sa babae, basta namasdan na lang niya ito mula sa malayo na bumangon upang makihalubilo sa natirang mga bisita.

---

Alam ni Kate na minamasdan siya ng lalaking tumitingin sa isang painting sa ibabaw ng sofa. Kung hindi lang siya pagod, nilapitan na niya ito at tinanong kung nagugustuhan nito ang painting na iyon. Instead, she pretended to be asleep after being rudely awakened by his laughter. Pinagmasdan niya ito with half-closed eyes.

Mukhang nasa late twenties ang lalaki, at parang marami nang pinagdaanan sa buhay. Napuna niya na ang mga kamay nito ay halatang inaalagaan, ngunit hindi maalis sa kanya na maintriga dahil halatang

he didn't always live a life of luxury.

Nakasuot ito ng barong at slacks—mukhang galing opisina. Very neat ang mestizo na hitsura nito, maamo ang mukha, jet black ang buhok nitong conservative ang gupit, baby blue ang mga mata, at halatang mayroong dugong Kastila.

Inobserbahan niya ang paglaro ng mga emosyon sa mukha ng lalaki. He wasn't looking at the painting anymore; his eyes feasted on her. Na-conscious siya. She had to tell herself that he was just a man, that he wouldn't bite. Hindi niya napigilan ang paggalaw ng kanyang mga labi habang pinapaalalahanan ang sarili.

"There's absolutely nothing to be intimidated about, Kate!" paulit-ulit na bulong niya sa sarili.

Okay na sana ang dalaga, but she couldn't help looking at his gorgeous baby blue eyes through her thick lashes. Ang ganda kasi ng mga mata nito; it was the perfect shade of baby blue—the one she was always trying to capture on canvas. She noticed he was looking at her at kinikilatis ang hitsura niya! Kung maaari lang sana siyang mag-ayos muna...

"Don't be intimidated. Don't be intimidated," paalala ni Kate sa sarili while whispering to herself.

Ngunit habang dumadalas ang pagsabi niyon, lalo siyang nasisindak.

Nang makita niyang sumimangot ang magandang noo ng lalaki ay nakaramdam ng matinding kaba si Kate. Kaba? Bakit siya kakabahan?

*Gusto kong magustuhan niya ako,* dahilan niya sa sarili.

*Gusto kong magustuhan niya ako? Kate, nahihibang ka na ba?* tanong niya sa isip. *Ni hindi mo kilala ang taong ito! Why concern yourself with such a foolish thing? Whatever happened to being to the strong and independent Kate?*

Walang anu-ano ay tinapik siya ng may-ari ng art gallery upang makilala niya ang mga bumili ng ilan sa mga paintings on display. Since she didn't really need the money, ang kikitain niya sa pagbenta ng mga paintings ay mapupunta sa isang scholarship fund para sa mga deserving students.

Nang bumangon si Kate, pasimple niyang hinanap ang lalaking may baby blue eyes, ngunit hindi na niya ito makita. Ayaw man niyang aminin sa sarili, nalungkot siya na hindi niya nakilala ang mystery guy bago ito umalis.

# 1

"Jason, I'm sorry, but I'm breaking up with you," pahayag ni Millicent Villafuente, ang magandang fiancée ni Jason. Nakaupo sila sa terrace ng townhouse ng binata sa Hongkong. "Nag-offer ulit sa akin ng kasal ang pinsan ni Prince Charles, at tatanggapin ko. No hard feelings, ha?"

Hindi siya makapaniwala sa narinig mula sa kasintahan. He was being dumped for someone richer and with a royal blood. Hindi masyadong nasaktan ang kalooban niya kundi ang ego lang.

"Bakit naman ako maghihimutok, Millie? We both know na political alliance lang ito kaya na-engage tayo sa isa't isa, at kung sa tingin mo ay mas makakabuti sa career ng ama mo na may relasyon ka sa kamag-anak ng Queen of England… sino ako para tumutol?" Tinanggap niya ang cigar at baso ng whiskey na iniaabot ng kanyang butler.

"Jason—"

Itinaas niya ang isang kamay upang tumahimik ang babae. "Say no more, Millie. Alam ko naman sa simula pa lang na magiging marriage of convenience

ito—convenience on the part of your dad para sa mga susunod pang eleksyon at sa ambisyon niya na maging Presidente ng Pilipinas, at convenience ko na rin—sa pag-asenso ng mga restaurants ko. Siyempre, kapag may connections ka sa mga mataas ang puwesto sa gobyerno, madali ang approvals."

Tumango si Millicent, magkahalong guilt at lungkot ang nadarama. Nagsinungaling lang talaga si Jason dahil ang totoo ay minahal niya ang babae. Nawala ito sandali dahil nagpunta sa ibang bansa nang malaman niya na ganoon lang kadali para sa kasintahan na ipagpalit siya.

"So... itong pinsan ni Prince Charles, ano nga pala ang title niya?" tanong ng binata.

Lumunok muna ito bago sumagot, "Isa siyang Earl, Jason." Narinig niya ang biglang pagkalungkot sa boses ng dalaga. Malamang ay nagkukunwari na naman ito. Ngayon lang siya hindi kumagat sa pain nito.

"Talaga lang, ha?" sarkastikong turan niya. Filipino si Jason, pero ang lolo niya sa ama ay malayong pinsan daw ng Spanish Queen. *Siguro ito ang dahilan niya kung bakit ako sinagot ng babaeng ito,* isip niya.

Tinanggal ni Millicent ang malaking diamond engagement ring mula sa daliri nito at iniabot iyon sa kanya. Tiningnan lang niya ang singsing na parang isang bagay na hindi mahalaga. Talagang naghanap siya noon ng magandang singsing na ibibigay sa dalaga at noong wala siyang nakita ay pumunta siya sa isang kilalang jeweller sa Italy upang magpasadya ng singsing para kay Millicent.

"Jason, isasauli ko na ang singsing mo. I can't wear this," anito.

"Oo nga pala, bilang Countess ay marami kang alahas na mas matanda pa sa lola ng lola mo," sarkastikong saad ni Jason. Hinalbot niya ang singsing at umalis. Iniwan niya ang ex-girlfriend sa terrace. Ibinilin niya sa butler na pagkatapos inumin ni Miss Villafuente ang red wine nito ay maaari nang i-escort palabas ng townhouse ang babae.

Kaagad siyang pumunta sa airport pagkaalis sa tinutuluyan at bumili ng plane ticket pauwi sa Pilipinas.

Wala siyang dalang bagahe. May mga damit naman siya sa bahay niya sa Makati. He decided not to think about Millicent and thought instead of other things. *Life goes on,* isip niya.

Inisip ng binata kung ano ang gagawin sa resthouse na binili sa isang islang malapit sa Boracay. Hindi biro ang halagang nilabas niya para sa property na iyon. Iyon sana ang wedding gift niya kay Millicent kapag nakasal na sila.

Hindi pa siya sigurado kung gagawing resort or spa ang naturang resthouse. Kailangan muna niyang makita ang property. Nang binili niya ito ay hindi pa niya nakikita. Ang ahente lang niya sa Manila ang gumawa ng deal habang nasa London siya.

Lumapag sa *NAIA* ang eroplanong sinakyan ng binata mula Hongkong. Sinalubong siya ng bodyguard-driver niyang si Badong sa waiting area.

“Sir, wala po kayong dala?” tanong nito.

“Sorry, Badong, wala akong pasalubong para sa ‘yo. Nagmamadali na kasi akong umuwi dito kaya wala akong dala,” aniya.

Napatango lang ang kausap.

Ilang sandali pa’y nakasakay na sa front passenger seat ng kanyang *Mercedes-Benz.* Tutuloy muna siya sa bahay niya sa Makati.

“Bakit hindi n’yo kasama ang magiging asawa n’yo, Sir?” tanong ni Badong. Hindi nito gusto si

Millicent dahil sa pagpilit nito na tawaging 'Señorita' o 'Miss Millicent.' Prima donna masyado ang ugali ng babae.

"Wala na siya, Badong. Ipinagpalit na niya ako," aniya.

"Buti na rin 'yon, Boss Jason, masyadong maarte ang isang yon. Huwag mong masyadong dibdibin at marami pang babae diyan," anito.

"Masaya ka lang kay Anita," kantyaw niya. Tumawa lang ang bodyguard.

Nakarating sila sa bahay sa Makati habang binibigyan siya ng update ni Badong sa mga nangyayari sa kanyang mga properties at negosyo lalung-lalo na ang restaurant chain niyang *Jason's House* na may branches sa Manila, Makati, Libis, Metro Cebu at Metro Davao. Ang bodyguard cum driver ang eyes and ears niya kapag wala siya sa bansa.

Pumasok sila sa malaking bahay ni Jason sa *Forbes Park*. Saglit na umupo sa sofa ang binata.

"Pupunta tayo doon sa resthouse malapit sa Boracay. Ihanda mo na ang speedboat, at mag-reserve ka ng kuwarto mo sa isang hotel sa Aklan," utos niya sa tauhan.

"Okay, Boss," anito at tinungo ang telepono.

Umakyat siya sa kanyang kuwarto. Habang nagbibihis ng mas komportableng damit ay naalala niya ang kataksilan ni Millicent.

*'Sabagay, hindi na nakakapagtakang magagawa niya 'yon. Sa ugali na lang niya....*

Unang nagkita sina Jason at Millicent sa party ng isang dati niyang kaklase sa *AIM*. May kasamang ibang lalaki noon ang dalaga. One week after their first meeting, hiniwalayan nito ang lalaking iyon na executive vice-president sa isang malaking kompanya. In no time at all, they became an item.

Nang malaman nito ang koneksyon ng pamilya niya sa Queen of Spain ay nagyaya itong magpakasal na sila. Jason hoped that one day, during a romantic dinner, he would propose marriage to the woman he loved.

Hindi naman niya ito matanggihan dahil tinutulungan siya ng ama nito sa ilang business ventures, at magtatatlong taon na silang magnobyo.

*At minahal ko siya,* naisip ni Jason with regret.

Nang makapagbihis na siya ng damit na mas bagay sa klima ng Pilipinas at mag-empake ng

kaunting mga damit ay tumuloy na sila ni Badong sa domestic airport.

---

"Sino ka? Ano'ng ginagawa mo sa pamamahay ko?" tanong ni Kate habang hawak ang baril at nakatutok ang dulo niyon sa batok ng trespasser.

Itinaas ng lalaki ang dalawang kamay at na-distract siya nang makita ang mga muscles sa magkabilang braso nito. Nang matauhan ay mas dinikit niya ang dulo ng baril sa batok nito.

"Ouch!" sigaw ng lalaki.

"Who are you?"

Nagbuntong-hininga muna ito. "Ako si Jason Benavides Araullo III. Okay na ba 'yun o kailangan pang bigyan kita ng bio-data?" sagot nito sa baritonong tinig na may kaakibat na boredom.

"Alam mo bang trespassing ka?" she asked in a cold voice.

"Sa pagkaalam ko, ang tao ay trespassing kapag hindi siya binigyan ng pahintulot ng may-ari na pumasok sa property niya," paliwanag ni Jason.

"This is *my* property; minana ko ito mula sa

yumao kong mga magulang. Padating na ang mga pulis, Jason Benavides Araullo III. Alam mo na trespassing ka, sinadya mo ang manghimasok ng bahay ng may bahay," patuloy ng dalaga. Panakot lang niya ang pulis. Mag-isa lang siya sa bahay at hindi naman siya tumawag sa presinto.

"At this time, Miss, hindi ako trespasser dahil ako na ang may-ari ng bahay na ito," pagbibigay-alam nito.

Nabigla si Kate. "Ano?"

"Binili ko ito kay Mr. Danilo Sto. Domingo for twenty-five million pesos."

Huminga siya nang malalim. "Well, Mr. Araullo, na-swindle ka. Walang karapatan ang Tito Danny na ibenta ang anumang bagay na pagmamay-ari ng namatay kong ama at ina," mapait na saad niya.

Matagal nang sakit ng ulo ng pamilyang Sto. Domingo si Danny. Ito ang bunsong kapatid ng ama ni Kate. Isinugal nito ang sariling mana noong nabubuhay pa ang lolo at lola ni Kate, at dinamay ang natirang pamana sana sa mga kapatid. Ang naiwan na lang sa anim na kapatid ni Danilo, kasama na roon ang papa ni Kate ay ang mga edukasyon nilang nakuha mula sa magagandang universidad

sa Amerika. Si Danny ay high school drop-out.

Malaki ang galit ni Kate sa tiyuhin dahil dito, na lalong tumindi noong makita niya ang dating mansyon ng mga nakatatandang Sto. Domingo sa *Forbes Park*. Tinuro ng kanyang papa ang bahay noong pumunta sila sa bahay ng isang classmate niya para kunin ang mga assignments noong naospital siya dahil sa dengue.

"Puwede ba? Ngayon na alam mo nang hindi ikaw ang may-ari ng bahay na ito, umalis ka na," utos ng dalaga.

Natawa si Jason at ikinairita niya iyon.

"Malabong makaalis ako dito, Miss. Umalis na ang speedboat ko papunta sa Aklan. Now, please be a good host and show me to a guest room. Take my word as a gentleman, I'll leave as soon as I can," anang binata.

"Fine. But you have to fix your own room to sleep in. Tandaan mo, unwanted guest ka dito," babala niya.

"Of course. Gusto mo bang ako na rin ang maglaba, maglinis at magluto?" nakangiting sabi nito habang nakatalikod pa rin.

“Isama mo na rin ang gardening. Now… turn around slowly,” utos ng dalaga.

Sumunod si Jason. Nagulat siya nang makita na ang babaeng tumutok ng baril sa kanya ay halos hindi umabot sa balikat niya! Derecho at mahaba ang buhok nito at mala-porselana ang kutis. Kahit madilim at ang tanging liwanag na tumatanglaw sa kanila ay nanggagaling lang sa full moon at sa isang lamppost sa labas ng resthouse ay napansin niya ang haba ng mga pilikmata nito at ang mapupulang labi. Kapit ng magagandang daliri ang kuwelyo ng bathrobe nito, at ang kabilang kamay ay hawak ang isang handgun.

“Puwede bang ibaba mo na ‘yan? Baka may masaktan pa,” anang lalaki na tinutukoy ang baril.

Lalong itinutok ni Kate ang sandata sa unwanted guest. “Marunong akong gumamit nito,” defensive na tugon niya.

“Hindi ko naman sinabi na hindi ka marunong gumamit niyan. Nakikiusap lang po na kung puwedeng ibaba mo na ‘yan at hindi ako masamang tao.”

“Later.”

Nakita lang niya ang profile ng lalaki mula

sa sideview dahil nakatalikod ito sa ilaw noong humarap sa kanya. He somehow looked familiar. Medyo kulot ang brownish hair nito, matangos ang ilong at makisig ang pangangatawan. Nakasuot ito ng turtleneck na pinatungan ng leather jacket. Tinernuhan iyon ng maong pants at leather shoes.

"Kung puwede lang, Miss, I'd like to get settled in my room now. I've had a long day. Malayo pa ang pinanggalingan ko and I'm really tired." Napansin ni Jason na pareho silang curious sa isa't isa.

Umirap ang dalaga at pinasunod ito sa kanya. Dinala niya ito sa pinakamaliit na silid at kulay pink pa iyon. Silid ng isang batang babae.

Napangiwi ang binata. "Dito?"

"May reklamo ka?" hamon ni Kate.

Umiling ito. "Wala po."

"Very good. May mga bedsheets at punda ng unan sa loob ng cabinet," turo niya sa kasangkapan sa isang panig ng silid. Tumalikod na siya para umalis.

"Wait!" Huminto si Kate pero hindi humarap sa lalaki. "Ano'ng pangalan mo?"

"I don't think you need to know my name, Mr.

Araullo," malamig na saad niya.

"Well, thank you all the same," anito. Tumango ang dalaga, pagkuwa'y nagmadaling umalis.

Napaisip si Jason; the woman looked familiar. Saan na nga ba niya nakita ito? Pilit niyang hinagilap sa isip kung saan niya maaaring maengkuwentro ang babae ngunit nabigo siya.

Tiningnan niya ang kama at nagbuntong-hininga. Naghanap siya ng bedsheet na hindi pink at nakakita siya ng puting set ng bedsheet, punda at kumot sa kadulu-duluhan ng cabinet. Kaagad niyang inayos ang kama. Nang matapos ay may napansin siya—puti nga ang set pero may floral design.

"Hay naku!" bulalas niya. Kinuha niya ang cellphone at tinawagan ang bodyguard. "O, Badong! Nas'an ka na? Daanan mo ako dito nang umaga nang mga alas diez, at tawagan mo nga si Precy, 'yung real estate agent natin. There's a big possibility na na-swindle tayo," utos niya. Pinutol na niya ang tawag pagkatapos.

Naghubad si Jason ng damit at naka-underwear na lang nang biglang pumasok sa silid ang dalaga.

"Dinalhan kita ng juice at sand—" Napatigil si Kate nang mapansin ang ayos ng panauhin. Mabilis

niyang iniiwas ang paningin. Bigla siyang napahugot ng hininga at inilapag ang dala-dalang tray sa pinakamalapit na puwedeng patungan. “Sorry, hindi ko alam na…” lumunok siya, “na nagbibihis ka pala.” Nagmadali na siyang lumabas ng silid.

Sumandal siya sa pinto at pumikit. *Kate Sto. Domingo! Para kang batang walang kamuwang-muwang sa mundo!* pagalit niya sa sarili. *Parang ngayon ka lang nakakita ng lalaking halos hubad na! You’re an artist! Ang dami mo nang naipinta at na-sculpt na nudes, ‘tapos ganyan ka mag-react sa isang unwanted visitor na naka-underwear! Ano ka ba?*

Lumayo siya sa pinto at nagsimulang maglakad papunta sa silid niya nang bumukas ang pinto ng pink room.

“Miss Sto. Domingo, I presume?” narinig niyang sabi ni Jason. Napalingon siya. “Thank you sa hospitality at sa pagkain. Pasensya ka na, I forgot my manners. Please forgive me. Galing kasi ako ng Hongkong at hindi pa ako nagpapahinga. I do hope you forgive me,” patuloy nito. Pansin ng dalaga na naka-bathrobe na ito.

“Alam mo, Mr. Araullo, walang excuse ang kawalan ng manners, pero dahil special situation ito ay papatawarin kita… sa isang kondisyon.”

Tumaas ang kilay ng binata.

"You will have to pose for me."

Nagsalubong ang mga kilay nito. "Ano? I'll pose for you? For what?"

"I'm an artist at matagal na akong hindi nakakagawa ng nude painting o sculpture. Kung willing kang mag-pose para sa akin ay papapiliin kita ng isa o dalawa sa mga works ko at ibibigay ko sa iyo bilang pasasalamat," paliwanag ni Kate. *Bakit ko nasabi iyon?* tanong niya sa sarili.

"I'm sorry, pero hindi ako ganoong klaseng lalaki, Miss Sto. Domingo."

"I'm not asking you to do anything illegal. I just want you to pose for me as my model for a painting or sculpture."

Nag-isip ang binata. Makakabuti para sa kanya na suyuin nang kaunti ang dalaga—malalaman niya kung paano makakaganti sa tiyuhin nito, at masisiguro niya kung kakutsaba ni Danilo ang magandang babaeng ito.

*At makakalimutan ko si Millicent,* biglang naisip ni Jason.

Napagpasyahan niyang sabihan si Badong na

huwag munang pumunta sa resthouse. Bibigyan niya ng bonus ang tauhan, hayaan lang siyang manatili rito nang isang linggo. One week of peace and quiet away from Millicent's memories.

"Sige, payag akong maging modelo mo... sa isang kondisyon ko naman," ngiti ni Jason.

Napasimangot si Kate. "I don't think nasa posisyon ka para humingi ng kung anu-ano, Mr. Araullo."

Tumawa ito nang malakas.

"Ganoon ba?"

Nabigla siya sa biglang pagbaba ng boses ng lalaki at ang hindi mapapagkailang tingin nito ng pagnanasa.

"Oo, Mr. Arau—"

"'Jason' na lang puwede? Naririndi na ako sa pagtawag mo sa akin ng 'Mr. Araullo.' Mabuti nga hindi mo ako tinatawag sa buo kong pangalan—nanay ko lang ang tumatawag sa akin ng ganoon kapag galit siya at may nagawa akong hindi niya nagustuhan," ngiti nito.

"Sige, Jason," patangu-tangong saad ni Kate.

"At ano'ng itatawag ko sa iyo?"

Matagal na nag-isip ang dalaga. Habang nag-iisip siya ay napansin ni Jason na ang buhok niya ay dark brown, derecho at mahaba. Ang mukha niya ay oval-shaped at maganda ang hugis ng kanyang mapupulang labi. Bilugan ang mga mata niyang light brown.

Then it hit him! She was the woman sleeping on the sofa of an art gallery where he went to see an exhibit about a month ago.

"'Miss Sto. Domingo' ang puwede mong itawag sa akin," pormal na saad niya bago tumalikod at naglakad paalis.

Napabuntong-hininga na lamang si Jason. Hindi na niya tinangkang habulin ang dalaga.

Pumasok siya sa silid at kinuha ang cellphone sa kama saka muling tinawagan si Badong. Sinabi niya rito na sunduin siya nito sa resthouse sa susunod na linggo.

Mayamaya ay humiga na siya sa maliit na kama. Hindi siya komportable roon, lumalampas ang kanyang mga binti sa dulo ng higaan. Minabuti niyang sa sahig na lamang matulog.

# 2

Hindi maintindihan ni Kate kung bakit hinayaan niyang tumuloy sa kanyang pamamahay ang isang estranghero. Malay ba niya kung mamamatay-tao iyon o magnanakaw?

*Mukha namang mabait,* dahilan niya sa sarili.

Nang makarating sa kanyang silid, hinubad niya ang bathrobe at isinabit iyon sa hanger malapit sa banyo, pagkuwa'y tinungo ang kama. Inayos muna niya ang higaan bago naupo sa gilid niyon. Binuksan niya ang drawer ng side table at kinuha ang kahon ng baril. Inilagay niya roon ang sandata at ibinalik sa loob ng drawer. Ang baril na iyon ay pagmamay-ari ng kanyang ama.

Nag-inat siya at humikab. Kanina pa dapat siya natulog kaso hindi siya dalawin ng antok. Minabuti niyang mag-drawing sa kanyang sketch pad kaysa pilitin ang sarili na makatulog. Absorbed na siya sa ginagawa nang may marinig na kumalabog sa labas. Sumilip siya sa labas ng bintana at nakita ang isang lalaki. Matapos maisuot ang bathrobe ay kinuha niya ng baril sa drawer at bumaba sa sala. Tinutukan niya ng baril ang estranghero, kahit na

hindi ito mukhang magnanakaw o masamang-loob.

Napangiti siya dahil nilagay niya ang lalaki sa kanyang kuwarto noong bata siya. Nakakatawa ang hitsura nito nang makita ang silid niya; pink at pambabae talaga!

Humiga na siya sa kama. Ilang sandali pa'y nakatulog na siya.

---

Nagising si Kate sa malakas na tili ni Nanay Estrella, at sa sigaw ng kanyang unwanted guest. Nagmamadali siyang bumangon at madaliang nagbihis ng shorts at t-shirt na pambahay. Tumatakbong lumabas ng kuwarto at nakita sa corridor ang dalawa.

"Ano'ng problema?" tanong niya sa housekeeper niya na may hawak na walis.

"May lalaki!" turo ng matandang babae. "Kailangan nating tumawag ng pulis!"

"Miss Sto. Domingo, pakipaliwanag dito sa housekeeper mo kung bakit ako nandito." inaantok na pakiusap ni Jason.

Napakagat-labi ang dalaga at nag-umpisang magpaliwanag, "Nanay, siya ang latest victim ni Tito

Danny, si Jason Benavides Araullo III. Akala niya ay nabili niya ang resthouse na ito."

Nag-sign of the cross si Nanay Estrella. "Iyang Tito Danny mo! Ubod siya ng sama! Hindi ba siya titigil sa mga pinanggagagawa niya?"

Malungkot na umiling siya. "Hindi na po siguro." Sumulyap siya sa binata at tumingin ulit sa matanda. "Ah, Nanay Estrella, puwede po ba kayong magluto ng special n'yong breakfast para sa amin ni Jason?" masuyong tanong niya.

Tumango si Nanay Estrella. Tiningnan muna nito nang derecho ang lalaki bago bumaba sa kusina upang magluto ng agahan.

Napaupo si Jason sa galinera sa corridor at walang-anumang nakatulog. Nakasuot ito ng cargo pants at simpleng t-shirt. Magulo pa ang buhok nito. Pumasok si Kate sa silid niya at kumuha ng sketch pad at lapis.

Umupo siya sa sahig katapat ng binata at nagsimulang mag-sketch. Kulot ang jet black nitong buhok. Mahaba ang mga pilikmata nito at mapula ang mga labi. Makinis ang balat at may isang maliit na scar sa gilid ng kanang mata nito. Magaganda at alagang-alaga ang mga kamay nito. Tiningnan niya

ang mga paa nito at napansing alagang-alaga rin. Nakakasampung drawing na siya nang magising ang kanyang subject sa tawag ni Nanay Estrella.

"Excuse me?" tanong ng binata.

"Yes?" sagot ni Katte mula sa puwesto sa sahig, naglalagay ng finishing touches sa huli niyang sketch.

"Ano'ng ginagawa mo?"

"Sketching."

"Ganoon ba? Patingin," ani Jason, sabay agaw sa sketch pad ng babae. Tiningnan niya ang mga drawings nito sa kanya. Kuhang-kuha ng dalaga ang hitsura niya. May sketches ng mga kamay at paa niya, pati ang nunal na malapit sa kanyang kuko sa hinliliit ay nakuha nitong i-sketch.

Tiningnan niya ang ibang mga pahina ng sketch pad. Nagulat siya sa mga iginuhit nito mula noong nagtagpo sila nang nakaraang gabi. May drawing din siyang naka-underwear lang.

Biglang inagaw ni Kate ang sketch pad niya. "Puwede ba? May mga personal na bagay diyan." Hinawakan niya ang pad malapit sa dibdib at hindi nito napigilan na mapatingin sa direksyon na iyon.

Malalim ang cleavage niya at malapit doon ay may nunal siya sa kanang dibdib. *Walang ganyan si Millicent,* automatikong naisip ni Jason.

Nang magtaas ng tingin ang lalaki mula sa kaaya-ayang tanawin ng kanyang cleavage ay nagtama ang kanilang mga mata.

Lihim na napasinghap ang dalaga. Ang mga matang iyon... the familiar baby blue eyes! Si Jason ang lalaking nakita niya sa art gallery noon!

Napalunok siya. Ibubuka sana niya ang bibig upang magsalita nang tinawag sila ng housekeeper. Walang nagawa si Kate kundi ang tumayo mula sa sahig at tunguhin ang hagdanan. Maging si Jason ay tumayo mula sa galinera. Sabay silang bumaba.

Sa terrace inilagay ni Nanay Estrella ang almusal nila. May orange juice, sinangag, pritong itlog at tapa saka homemade atchara.

Dalawa ang table setting. Hindi na ikinagulat ni Jason iyon dahil isinama ito ni Kate sa bilang nang magpaluto siya ng almusal. Napatingin sa matanda ang lalaki kahit naisip na nitong hindi ito ipaghahain ng una.

“Sa palagay ko’y mabuti kang tao. Jason ba ang pangalan mo, hijo?” tanong ni Nanay Estrella

habang nakatayo sa tabi ng upuan ni Kate.

Hinayaan ni Jason na maunang maupo ang dalaga bago ito sumagot sa matanda. “Opo. Paano po ninyo naisip na mabuti akong tao?”

Ngumiti ito. “Marunong akong kumilatis ng tao, Jason. Siguro naman sa tanda kong ito, may kaunting kakayahan ako sa mga bagay na ganyan.”

“Umupo ka na, Jason, nang makakain na tayo,” utos ni Kate.

Ilang sandali pa’y kumakain na ng masaganang agahan ang dalawa. Ipinagsalin sila ni Nanay Estrella ng juice.

Umupo si Estrella sa tapat ni Jason. “So, ikaw ang latest na biktima ni Danilo? Magkano ang nakuha niya sa iyo?”

“Nanay Estrella!” shocked na saway ni Kate.

“Twenty-five million pesos po.” Sumubo ng tapa ang lalaki.

Napa-sign of the cross ulit ang matanda.

“Diyos ko! Twenty-five million? Napakalaki pala ng halagang nakuha sa ‘yo.”

“Nanay Estrella, puwede ba? I’m on vacation

here!" paalala ni Kate.

"Sorry, anak. 'Nga pala, maiba ang usapan, pupunta si Emong sa Aklan para bumili ng mga kakailanganin sa repairs natin dito. Sasama na ako at mamamalengke."

Tumango siya. "Okay, Nanay Estrella. May pera pa naman para sa ganoong expenses, di ba?" aniya.

"Oo naman, anak. Siya, sige, mauuna na ako, at aalis na si Emong," paalam ng matanda.

"I can go with them," ani Jason, sabay tayo.

"Hep! May usapan tayo!" paalala niya.

Hindi nito maiwasang mapangiti si Jason. Magiging madali na para rito ang pag-cariño sa dalaga.

SABAY NA lumabas ng resthouse ang dalawa at nagtungo sa gilid malapit sa hardin.

"Dito tayo sa poolside. Why don't you lay out your towel here and lie down," utos ni Kate. Nakasuot siya ng pink sleeveless dress na hanggang tuhod ang haba. May suot pa siyang wide-brimmed hat para hindi siya masilaw. Umupo siya sa isang

silya sa lilim ng isang malaking umbrella.

Sumunod si Jason, may lihim na ngiti sa mga labi. Sinuot niya ang pinakamaliit niyang swimming trunks at red pa iyon.

Pinagmasdan niya ang paggalaw ng muscles nito sa likod at sa mga braso.

"How do you want me to pose?" tanong ni Jason.

"Ha? Ano?" Nagulat siya dahil nagpapantasya na siya na yakap-yakap siya ng malalakas na bisig nito.

"I said, how do you want me to pose?"

Napakagat-labi siya. "I want you to lie down on your left side, with your left arm supporting your torso."

Ngumiti ang binata, mukhang alam na niya ang iniisip ng dalaga kaya ito distracted. Sinubukan niya ang gusto nitong pose. "Ganito?" tanong niya.

A shiver ran down Kate's spine. She felt that she was being seduced. Dahil sa pagkilatis ng lalaki sa kanya, para bang siya ang subject of art at hindi ito.

"Are you comfortable in that position?" tanong niya. Natawa nang kaunti ang lalaki.

"I'm comfortable if you are, Miss Sto. Domingo," ngiti nito.

"Then let's start. Stay in that position for five minutes. Don't move, okay?" aniya. Using the timer she got from the kitchen, she set it for five minutes then started sketching.

Tahimik lang ang dalawa. Ang modelo ay nakatingin sa artist na parang hinuhubaran niya ito, at ang artist naman ay critical na sinusuri ang bawat linya at anggulo ng katawan ng subject.

One minute na lang ang nalalabi sa timer nang magsalita ang lalaki. "Umaayon ba ang lahat sa gusto mo, Miss Sto. Domingo?"

"Maybe," kibit-balikat na tugon ng dalaga. Hindi man lang niya inalis ang mga mata sa ginagawang sketch.

Natawa ito; natigil si Kate sa pagguhit at tumingin sa lalaki. *Ang ganda ng ngiti niya,* naisip niya. Biglang nag-ring ang timer.

"Okay, Jason, you can change positions now," aniya.

"So soon? I was beginning to enjoy myself… in that position," turan nito habang tinitingnan ang

mga labi niya.

Inalis niya ang tingin kay Jason at hindi iyon nakaligtas sa observant eyes nito.

*Alam niya ang ginagawa ko, and she's doing nothing to stop me,* sabi nito sa isip.

Iniba ni Jason ang puwesto. This time, he laid down flat on his back, put his hands behind his head, and placed his left ankle over his right knee.

"Do you want me in this position?"

Pinagmasdan niya ito. "That's good. I didn't think of that. Five minutes, Jason."

Ipinagpatuloy ni Kate ang pag-sketch mula sa lilim ng umbrella. Mayamaya ay may naisip siyang ideya na magguhit from another angle. Tumayo siya at nilapitan ang lalaki.

"I'm going to sketch your face. Don't move, okay?"

Tumingin siya mula sa tagiliran nito kung maganda ang anggulo ng mukha nito, subalit hindi iyon ang nais niyang makuha. Minabuti niyang mag-straddle dito while sketching his face.

Pinipigilan ni Jason na ngumiti. *Kung*

*mapapaluhod ko lang ang babaeng ito…* naisip nito.

Biglang umihip ang malakas na hangin at tinangay ang kanyang sumbrero palayo sa ulo niya. Sinubukang habulin iyon ng kanyang kamay pero nawalan siya ng balanse at napaluhod. Bumagsak siya sa tiyan ni Jason at mabilis siyang hinawakan nito to steady her. Awtomatikong humawak siya sa mga balikat nito.

"Oh!" naibulalas niya, nakakaramdam na ng pag-init ng mga pisngi.

Pinaglalaruan ng hangin ang mahabang buhok ni Kate, at naaaliw na pinanonood iyon ng binata. Hindi nito napigilan ang sarili na halikan ang dalaga sa labi. Nagulat siya at pilit na kumalas sa yakap nito. Pero nang nilaliman ni Jason ang paghalik sa kanya, tumigil din siya sa pagpupumiglas at tinugon ang maiinit nitong halik.

Naramdaman ni Jason ang pagdikit ng malusog na dibdib ng dalaga sa kanyang dibdib. *Can she feel the hammering of my heart?* tanong niya sa sarili.

Hindi maintindihan ni Kate ang mga nararamdaman niya. She felt hot... lahat ay mainit. Her body was hot against Jason's almost naked frame.

Sinubukan niyang kumalas sa yakap ng binata ngunit hindi niya magawa. Masarap sa kanya ang pakiramdam ng yakap at halik nito.

She felt like she was going to explode. Hindi niya maintindihan kung bakit napakalakas ang pagtibok ng kanyang puso.

Biglang pumatak ang ulan. Sa simula ay ambon lang na madaling naging parang mga balde ng tubig na binubuhos sa isla. Sabay silang tumakbo paloob ng bahay.

Napahinto si Jason sa pintuan ng resthouse nang mapatingin siya kay Kate. Hindi niya maintindihan ang sarili, ngunit pakiramdam niya ay parang mahal na niya ang dalaga. Pinagalitan niya ang sarili at umiling. *Jason, man, you're already twenty-nine, and a man of the world. There's no such thing as love at first sight*.

Ngunit ngayon lang siya nakaramdam ng ganitong kasiyahan, ng ganitong pakiramdam na okay ang mundo basta kasama niya ang isang Kate Sto. Domingo. Umiling ulit siya.

*There's no such thing as love at first sight,* giit niya sa sarili.

Palibhasa'y nakasuot ng swimming trunks si Jason, okay lang na mabasa ng ulan. Pero hindi kay Kate—dumikit sa katawan niya ang kanyang pink sundress at bakat na bakat ang suot niyang dark brown panty at bra. Dahil sa kanyang kaputian ay nagkaroon ng ilusyon ang binata na wala siyang suot kundi underwear. Ang buhok niya ay naka-plaster sa kanyang ulo at likod. Natauhan na lang ang lalaki na magkahawak sila ng kamay noong bumitaw si Kate.

Biglang nag-ring ang telepono at nagmamadaling pinuntahan ito ng babae. Sumenyas si Jason na kukuha ito ng mga tuwalya. Tinuro niya kung saan ang mga ito bago sinagot ang tumutunog na aparato.

Si Nanay Estrella ang nasa kabilang linya. Ibinilin niya rito na manatili muna sila ni Emong sa Aklan at baka mapaano pa ang mga ito kapag bumalik sa isla. Siniguro niya rito na maayos sila ni Jason.

Minabuti ng binata na kausapin ang housekeeper. Si Kate naman ay nagtungo sa kusina upang kunin ang mop at punasan ang mga basa sa sahig.

"Nanay Estrella, may tauhan akong naka-check-in sa *Aklan Hotel*. Badong Sanchez ang pangalan niya. Kung magkaproblema, puntahan ninyo siya

doon. Sabihin ninyo na ipinasasabi kong d'on muna kayo, okay? Alam na niya 'yun."

"Naku, hijo! Nakakahiya naman!" anang matanda.

"Mas nakakahiya kung hindi ninyo tatanggapin ang alok ko. Pumunta na kayo doon. Sige po, mag-iingat kayo." Ibinaba na nito ang telepono. Nilapitan nito si Kate at kinuha sa kanya ang mop. Ito ang nagpatuloy sa kanyang ginagawa.

"Salamat," aniya.

"Sa ano?" tanong nito habang nagmo-mop.

"Sa pag-alaga sa Nanay Estrella at kay Emong ngayong stranded sila sa Aklan."

"Baligtad naman ang utak mo. Tayo ang stranded dito!" biro nito. "Wala 'yun," pahabol nito.

Naligo sila sa kani-kanyang banyo sa silid. Sa den na sila nagkita. Isang baby blue sleeveless blouse na may mga butones sa harap at shorts na maong ang suot ni Kate. Si Jason naman ay naka-polo shirt na hunter green at khaki shorts.

Inilabas ng dalaga ang roast beef mula sa freezer at inilagay ay sa microwave oven upang lutuin. Iyon ang magiging tanghalian nila.

Dahil may satellite sa resthouse ay nakapanood sila ng balita habang hinihintay na maluto ang roast beef. May bagyo palang biglang dumating, at signal number three sa Visayas.

"Grabe namang bagyo 'yan!" bulalas niya.

Napangiti na lang ito.

"Nature can do more than that, my dear," anito.

Tinaasan lang niya ito ng kilay. Hindi nito mapigilan ang admiration na nararamdaman para sa kanya. Maganda ang profile ni Kate. He enjoyed looking at her.

Narinig ni Kate ang munting ring ng timer at pumunta sa kusina upang patayin ang microwave oven. Sinundan siya ni Jason.

"May gusto ka bang idagdag sa ulam natin?" tanong niya. Hindi muna niya binuksan ang oven dahil mainit pa ang roast beef.

Saglit itong nag-isip. "I can make us a salad," alok nito.

"Salad? Hindi ako rabbit, Jason," nakasimangot na tugon niya.

Natawa ang binata. Binuksan niya ang

refrigerator at nakitang may leftover chicken tinola at macaroni. Sinilip niya ang cabinet, may de-lata ng pineapple at bote ng mayonnaise na hindi pa nabubuksan.

"Kung gawan kita ng salad na hindi pang-kuneho, kakainin mo?" hamon nito.

"Sige nga, kaya mo?"

"Ano'ng pusta mo?"

"Sige, kung matalo ako, ililipat kita ng silid. Eh, kung manalo ako? What then?" tanong niya.

"I don't think you'll win this bet," parang nakakatiyak na tugon nito. "If I win, I get to kiss you. If I lose…" Nagkibit-balikat ito.

# 3

"Losing is not an option," sabi ni Jason.

"If you lose, you'll have to pose for me for a whole day, not half. Okay?" Iniabot ni Kate ang kanang kamay.

Kinuha ito ni Jason pagkatapos ng mahabang sandali ng pag-aatubili, ngunit hindi niya kinamayan ang dalaga. Hinatak niya ito palapit sa kanya at bumulong, "Let's seal it with a kiss, Miss Sto. Domingo." At hinalikan niya ito nang magaan sa labi.

Halos hindi makahinga si Kate, at bigla niyang nasabi, "Kate ang pangalan ko." Hindi niya alam kung bakit niya nasabi iyon. She was perfectly comfortable with 'Miss Sto. Domingo,' but then.... Pinagalitan ang sarili.

Napangiti ito. "Very well, Kate. A deal is a deal, right?"

Tumangu-tango lang siya.

Lalong napangiti si Jason at inilabas niya ang mga kakailanganin sa paggawa ng salad. Habang

nakatayo ay hinimay niya ang manok at hinalo sa macaroni. Binuksan niya ang lata ng pineapple at isinalin ang matamis na juice nito sa isang tupperware cup. Ang mga pineapple chunks ay ibinuhos niya sa macaroni at manok. Binuksan niya ang bote ng mayonnaise at nilagyan ng dressing ang salad. Hinalo niya ang mga ito habang nakangiting nakatingin kay Kate. Nang matapos sa ginagawa ay nilagay niya ang bowl sa harap nito.

"Here you are. Chicken macaroni salad, Kate," ngiti ng lalaki.

Namutla ang dalaga. Ngayon lang niya naalala na puwede palang magkaroon ng chicken macaroni salad nang walang kahalong gulay. Talo siya sa pustahan. Napalunok siya at pilit na naghahanap ng excuse.

"Ayaw mong tikman ang gawa ko? I made it especially for you, Kate," untag nito.

"S-sige," aniya na biglang nanginig.

Kumuha si Jason ng dalawang platito at dalawang tinidor. Nilagyan niya ng salad ang isang platito at inilagay sa harapan ng dalaga. He took some for himself then looked at her, a naughty glint in his eyes. Napansin niyang namumula ang mga

pisngi nito.

*She's thinking about the bet,* isip niya na lihim na natatawa.

"Kate?" untag ng kausap.

Natauhan ang babae. "A-ano?" tanong niya.

Dahil sa pagsulpot ni Jason Benavides Araullo III sa kanyang buhay, her emotions went in turmoil. Kapag tinitingnan siya nito ay parang nagso-sommersault ang mga bituka niya. But at the same time, she felt like killing the guy, dahil ang yabang nito. *At nagmamarunong,* aniya sa sarili.

"Kakainin mo ba 'yang salad mo o tititigan mo hanggang matunaw?" biro ng binata.

Kinuha niya ang tinidor mula sa tabi ng platito at kumuha ng kaunting salad. Sa nanginginig na kamay ay isinubo niya ang pagkain.

"Well?" tanong nito.

Tumangu-tango si Kate. "Okay itong salad kahit kulang ng asin."

Ngumiti ang lalaki at tumalikod. Kumuha siya ng potholders at binuksan ang microwave oven. Maingat niyang inilabas ang kinalalagyan ng roast

beef saka ipinatong iyon sa marble countertop katapat ng oven.

“Whew! Ang init pa rin nito,” aniya.

Napalingon siya sa kasama dahil bigla na lang itong naubo. Nahulog ang tinidor at hawak ng isang kamay nito ang lalamunan.

Nilapitan niya ang dalaga at maingat na pinalu-palo ang likod nito. Naluluha na ito sa sobrang ubo.

Pumuwesto siya sa likuran ni Kate at ibinalot ito ng kanyang mga bisig. With his left hand closed, ipinatong niya iyon sa ibabaw ng solar plexus nito at pinatungan niya ng kanang kamay.

“Trust me,” bulong niya sa tainga nito.

Biglang inipit ni Jason ang tiyan ng dalaga gamit ang kanyang mga braso, at tumilapon ang buto ng manok na napasama sa salad. Bumitaw siya sa pagkakahawak dito, ngunit umikot si Kate at tahimik na umiyak sa kanyang dibdib. Niyakap niya ito at inalo.

Makalipas ang ilang sandali ay tumigil ang mga hikbi nito. Sinilip niya ang mukha nito at nakitang nakatulog na ito. Maingat na kinarga niya ang babae para ihiga sa sofa.

Inayos niya ang buhok ng natutulog na dalaga sa sofa at pinagmasdan ito. “I think I’m falling in love with you,” bulong niya.

Hindi napigilan ni Jason ang sarili na halikan ito sa labi bago kinumutan, pagkuwa’y bumalik siya sa kusina.

---

Nang magising si Kate ay natagpuan niya ang sarili na nakahiga sa sofa, nakabalot ng kumot. *Siguro nga ay panaginip lang iyon,* mungkahi niya sa sarili. Tiningnan niya ang orasan sa ibabaw ng TV. Tanghali na pala! Siguro ay nagluto na si Nanay Estrella ng roast beef with buttered vegetables at mashed potatoes.

“Nanay Estrella?” sigaw niya. “Nanay Estrella?”

Wala siyang narinig na sagot.

Bumangon siya mula sa pagkakahiga sa sofa  at naglakad papuntang kusina. “Alam ninyo, may kakaiba akong panaginip! May lalaki daw na pumasok dito sa resthouse at tinutukan ko ng baril ni Papa,” kuwento niya. Pero pagpasok niya sa kusina ay nagulat siya na hindi ang matandang housekeeper ang naka-apron kundi si Jason. Hindi siya makapagsalita.

"Go on with your story. You were just getting to the part when you were talking about him kissing you—or in this case, I was kissing you," ngiti ng lalaki.

"You!" she hissed. "I thought you were just a bad dream!"

"Sorry to disappoint you, my dear. I'm real, not a dream," anitong nagkibit-balikat. "Are you feeling okay now?"

Saglit na napatanga si Kate bago naalala ang nangyari bago siya nakatulog.

"I'm perfectly all right, thank you."

Tumangu-tango ito. "Halika dito," utos nito.

"Ayoko."

"I won't hurt you, promise."

"Hahalikan mo lang ako!" singhal niya.

Kumislap sa kapilyuhan ang mga mata ni Jason. "Masama ba iyon? You seemed to enjoy my kisses," anito habang nakatingin sa kanyang mga labi.

"Sige! Umasa ka pa!" babala niya.

Natawa si Jason na ikinapikon ng dalaga.

"I'm just asking you to come here, Kate. I didn't ask you to sleep with me," pangungumbinsi nito.

"Bakit ba?" tanong niya nang lumapit nang kaunti sa lalaki. Inabutan siya nito ng isang malaking bowl ng mashed potatoes at inutusang dalhin sa lamesa.

Tiningnan niya ang bowl na hawak ng kanyang dalawang kamay pagkatapos ay tiningnan ang nakangiting mukha ni Jason. "Ba't di mo kaagad sinabi na ito lang pala?"

Dinampot muna nito ang bowl ng buttered vegetables bago siya nilapitan. "Hindi ka naman nagtanong," bulong nito. Natawa ito nang sumimangot siya.

Nagmartsa si Kate palabas ng kusina kasunod ang lalaki at nagpunta sa dining room. Padabog na ipinatong niya ang bowl ng mashed potatoes sa dining table bago bumalik sa kitchen. Tinungo niya ang drawer ng plate rack at kumuha ng mga plato, kubyertos at baso. Matapos ilapag sa lamesa ang bowl ng buttered vegetables ay kinuha naman ng binata ang roast beef mula sa marble countertop malapit sa oven. Inilagay nito iyon sa hapag. Saglit siyang iniwan nito upang magpunta sa sala.

Kate set the table for two, magkatapat. Nang matapos ay tinungo niya ang sala at tinawag ang binata na nanonood ng weather report sa TV habang nakahiga sa sofa.

"Mukhang tatagal pa ng tatlong araw ang bagyong ito, ayon sa *PAGASA*," anito na hindi man lang tumingin sa kausap.

"Kain na!" tawag niya. Gutom na rin siya at nagiging iritable na. Bumalik siya sa hapag-kainan.

Dahan-dahang bumangon si Jason mula sa sofa at pinatay ang TV gamit ang remote control. Pagpasok niya sa dining room ay nakaupo na si Kate at hinihintay siya.

"Gutom na ako! Bakit ba ang bagal mo pagdating sa kainan? Weird ka, alam mo ba 'yun?" reklamo niya. Umupo ang binata sa kanyang tabi at hinila ang table setting na hinanda niya sa bago nitong puwesto.

"Paanong weird?"

Kinuha niya ang cloth napkin mula sa ibabaw ng pinggan at ipinatong iyon sa kanyang lap. "Ang bagal mo kasi kapag kakain na! Di tulad ng ibang lalaki—mabilis pa sa nagluluto kapag kainan."

Ngumiti na lang ito. “Sige, just to please you, in our next meal, I will act like a teenage boy with practically non-existent manners. Mas gugustuhin mo ba iyon?”

“No, not really. Eh, ano ka ba? Feeling well-bred? Cultured?” taas-kilay na tanong niya.

“Hindi feeling, Kate Sto. Domingo. I *know* I am well-bred and cultured,” pagtatama nito.

She rolled her eyeballs and picked up the bowl of mashed potatoes. Tiningnan ni Jason ang katabi at napansing hindi siya kinikibo nito. Kumuha na lang siya ang knife at fork at nagsimulang maghiwa ng ilang slices ng roast beef. Kampante si Kate na naghiwa na rin ang binata para sa sarili. Nagulat ito nang ilagay niya ang lahat ng iyon sa kanyang plato!

Hindi makapagreklamo ang dalaga. Hindi naman siya nakiusap sa lalaki na ipaghiwa siya ng baka. Kumuha muna siya ng buttered vegetables, pagkuwa’y tumayo at nilapitan ang puwesto ng roast beef.

Tiningnan siya ng kasama nang patanong. Inirapan niya ito at kinuha ang kutsilyo para maghiwa ng ilang slice ng karne para sa sarili.

Nagpipigil ng tawa si Jason nang makita na

parang nilalagare ni Kate ang karne. Gusto na niya sanang kunin ang hawak nitong kutsilyo at siya na ang maghihiwa para rito, ngunit masyadong nakakatuwa ang mga reaksyon nito sa mga palpak na pag-slice.

Nang magpakita ng pagkapagod ang babae at frustrated na ito sa ginagawang paghihiwa ay tumayo siya at hinawakan ito sa braso. Napatingin ito sa kanya. Kinuha niya sa kutsilyo mula sa kamay nito at siya na ang nag-slice ng roast beef para sa dalaga.

They ate in silence.

---

Tapos na silang kumain at nailigpit na ang kanilang mga pinagkainan.

"Thank you," basag ni Kate sa katahimikan. Nagpupunas siya ng mga platong nahugasan ni Jason.

"Don't mention it," sagot nito habang nagpupunas ng kamay sa tuwalyang nakasabit malapit sa refrigerator.

"Not just for help with the roast beef, pati na rin 'yung ginawa mo kanina n'ung nabibilaukan ako.

Salamat saka sorry na rin." Inilagay niya ang huling plato sa loob ng cabinet.

"Sorry?" nalilitong tanong nito.

"Dahil masungit ako sa 'yo," paglilinaw niya.

Ngumiti ang binata. Masarap kasing inisin si Kate kaya madalas niya itong pikunin. "I provoked you, so may kasalanan din ako diyan," sagot niya.

"No excuse for bad manners, Jason Benavides A—" Hindi na natapos ni Kate ang sinasabi dahil hinalikan siya ng kausap. Nagulat siya pero inaasahan na niya ito. She really wanted him to kiss her again.

"Kate..." bulong nito sa kanyang tainga.

Napaungol siya bago yumakap sa leeg nito. Hinalikan niya ito sa labi at nagulat siya sa ginawa. Kelan ba siya naging daring?

Unti-unti nitong binuksan ang mga butones ng kanyang blouse at hinawakan ang malulusog na laman na itinatago ng t-shirt bra niya.

"Jason..." ungol niya habang pinauulanan nito ng halik ang kanyang leeg.

Dahan-dahan siyang isinandal nito sa countertop na nasa likuran niya habang hinahalikan siya. Nang

hindi makontento sa paghawak lang sa malusog niyang dibdib ay hinubad nito ang blouse sa kanyang katawan at hinulog sa sahig.

"Oh, Jason," bulong ng dalaga habang hinahalikan ang leeg ng lalaki. Wala siyang kamalay-malay na wala na siyang blouse na suot.

With one flick of his wrist, natanggal ni Jason ang hook sa bra ni Kate at ito rin ay nahulog sa sahig katabi ng blouse. Naramdaman niya iyon at tumigil sa paghalik sa leeg ng binata saka nagyuko ng ulo.

"Let me look at you," bulong nito.

Umiling siya. "No," malungkot ang boses na tanggi niya.

"Bakit hindi?" tanong nito, looking at her bent head. Hindi na sila naghahalikan, pero magkayakap pa rin.

"Marami akong flaws, Jason, ayokong makita mo ang mga iyon," sagot niya.

"Wala akong pakialam sa flaws mo. Bakit? Akala mo ba wala akong ganoon?"

"Kasi..." Hindi na tinuloy ng dalaga ang sasabihin at tiningnan na lang niya ito.

Nagbuntong-hininga ang binata. “You’re scared to give yourself me,” derechong tugon nito.

Nanliit siya. “Yes, I’m scared,” bulong niya at isinubsob ang sarili sa init ng katawan nito.

“Why?” he asked in a husky voice. “It’s just you and me, walang nagbago.”

“Please, Jason, huwag mo akong pilitin. I hardly know you,” pakiusap niya.

Binitawan siya nito at muling nagbuntong-hininga. Pinulot nito sa sahig ang blouse at bra niya at iniabot sa kanya. Nagpasalamat siya at tumalikod para magbihis. Lumabas ng kusina si Jason.

---

Nakabihis na si Kate nang lumabas ng kusina. Tiningnan siya ni Jason mula sa sofa sa living room kung saan ay pinanonood ng lalaki ang ulan sa labas ng bintana.

“Jason?” tawag niya. Lumingon ito ngunit hindi nagsalita. “Galit ka ba?”

Napangiti ito. “Hindi. Bakit naman ako magagalit? It’s a woman’s prerogative to say no. I respect that,” saad nito. *At least, marunong kang humindi, hindi katulad ni Millicent,* biglang naisip

nito.

Umupo si Kate sa tabi nito sa sofa at ibinaling ang tingin sa labas ng bintana. Tahimik nilang pinanood ang ulan.

"Jason?"

"Bakit po?"

"Heh! Huwag mo akong popoin! I'm only twenty-four!"

Natawa ito. "Talaga? Eighteen lang ako, paano ba 'yan?" biro nito.

"Kelan? Ten years ago?" Hinampas niya ito ng throw pillow.

"Hey! Actually, more like eleven years ago."

Napatigil si Kate sa pangalawang attack niya ng throw pillow. *Twenty-nine lang siya?*Ibinato niya rito ang unan. "Hindi kapani-paniwalang twenty-nine ka lang! Lolo ka na, eh!"

Ibinato ni Jason pabalik ang throw pillow sa kanya. Tumama iyon sa kanyang mukha. Nang alisin niya iyon ay nakita niya ang naughty grin sa mukha ng lalaki.

"Ilan na apo mo?" pabirong tanong niya.

"Anong apo? Anak nga wala, apo pa!" Inabot nito ang isang throw pillow sa kanyang tabi at akmang hahampasin siya ngunit nahawakan niya iyon bago pa tumama sa kanya.

"Ows? Anak, wala? You seem like the guy na sampu ang panganay," muling biro niya.

"Wala akong anak, wala akong asawa, wala akong girlfriend!" deklara ni Jason. He looked at her soberly pagkatapos ay idinagdag sa isip, *Kung papayag ka, then….*

"Talaga lang, ha," bulong niya.

Biglang lumakas ang hangin at bumukas ang French double doors sa tapat nila. Pumasok ang malakas na hangin at ulan sa loob ng resthouse. Nahulog ang isang mamahaling vase na nasa ibabaw ng lamesita malapit sa baby grand piano. Niyakap ni Jason ang dalaga para hindi siya masyadong ginawin with the blast of freezing wind.

"Close the doors!" sigaw niya habang sumesenyas na sarhan ang bumukas na pinto.

Sinugod ng binata ang hangin at ginamit ang mga braso bilang panangga sa mga maaaring tumama sa kanyang mukha. Nang maabot niya ang isang pinto ay mabilis niyang isinara ito, pagkuwa'y

ikinabit ang lock niyon sa sahig. Gayundin ang ginawa niya sa kabilang pinto. Napansin niyang basang-basa ang kanyang damit at kailangan niyang magpalit. Matapos saglit na magpaalam kay Kate ay umakyat siya sa silid at nagpalit ng damit.

Pagbaba niya sa living room ay tahimik na nagdo-drowing ang dalaga. Pumunta siya sa likuran nito at minasdan ang ginagawa nito. Sketch niya iyon noong lumalaban siya sa lakas ng hangin para isara ang pinto. Kuhang-kuha nito ang labanan ng puwersa: man versus nature.

*Ang galing talaga niyang mag-drowing!* humahangang sabi niya sa sarili. Suddenly, realization struck him.

"Is your name is Kathrine Sto. Domingo?" ngayon lang niya nakita ang connection—Kate was Kathrine Sto. Domingo, ang kilalang artist na magiging pinakabatang National Artist daw in Philippine history dahil sa mga very evocative pieces nito. Ang babae nga ang nakita niya sa art gallery noon! "Ikaw si Kathrine Sto. Domingo?"

"Huwag mo namang isigaw, puwede? Nabibingi ako," saway ng dalaga. "Oo, ako si Kate Sto. Domingo."

Ngumiti siya. “Wow! It’s an honor meeting a famous artist like you. I actually have some of your works in my houses in Manila and Hongkong.”

Akala ni Kate ay maliliit na painting o sculptures lang na ginawa niya ang nasa binata. Nagulat siya noong banggitin nito ang dalawa sa pinakaimportanteng gawa niya: ang *The Goddess* na painting in watercolor na nasa townhouse nito sa Hongkong, at ang *Woman* na sculpture in glass na nasa bahay nito sa Manila.

Alam niya na nasa private collection ito ng isang di-kilalang milyonaryo. Nalungkot siya noong nalaman niya na nabenta pala ang dalawa sa una niyang exhibit five years ago. She really regretted selling the two, but the orphanage that was the beneficiary of the sale really needed the money.

“Lokohin mo ang lelang mo! Don’t pull my leg!” aniyang di-makapaniwala. “Nasa private collection ang dalawang iyon, and I haven’t seen them in years.”

“Hindi ako nagbibiro, Kate. They are *my* private collection. Would you like to see them again?” tanong nito.

Tiningnan niya ito at ngumiti, “I”d like that!”

# 4

Umuulan pa rin sa labas. That night, napagkasunduan nina Jason at Kate na mag-dinner by candlelight tanda ng pagiging palagay na ng loob nila sa isa't isa. Maayos ang setting ng dining table, nakalagay sa isang tabi ang isang candelabra, hindi pa nakasindi ang limang kandila. Nakahain na ang stroganoff at mashed potatoes. Kasalukuyang tumugtog ang instrumental music mula sa CD component.

Nakasuot si Jason ng black slacks at light blue silk polo na tinernuhan niya ng leather shoes. Naroon siya sa sala at hinihintay ang pagbaba ni Kate ng hagdanan mula sa silid nito.

Ilang sandali ang lumipas bago lumabas ng kuwarto ang dalaga at tumayo sa landing ng hagdanan. Tila nakalimutan na ng lalaki ang huminga pagkakita kay Kate. Nakasuot ito ng isang silver tube gown with a single strap on the right shoulder. May kaunting train iyon sa likod, pero mataas ang hemline sa harapan upang makita ang matching silver sandals nito. Inayos nito ang buhok in a French twist at simpleng pares ng white gold earrings lang ang jewelry. She wasn't wearing

makeup yet she looked glamorous.

Nag-umpisang bumaba si Kate ng hagdanan habang na nakatingin kay Jason na ngayon ay nakatayo na sa dulo ng stairs. Nang tuluyan siyang makababa ay inialok ng binata ang braso nito. Ikinawit niya ang kamay roon.

“Ang ganda mo,” he thought out loud.

Ngumiti siya. “Thank you, kahit na hindi ako deserving sa puri mo.”

Nagulat ito. “Sino’ng may sabi?”

Nagkibit-balikat siya. “Ako lang. You seem like the type na supermodels o beauty queens ang mga dine-date. Sino ba naman ako? I’m just plain Kate Sto. Domingo,” aniya.

Naalala nito si Millicent—modelo ito at maganda. Naging contestant pa ito sa isang beauty pageant at nanalo bilang runner-up. Irritated by the thought of his ex-girlfriend, he said, “I used to date a model and beauty queen.”

“Oh. And what made you change your mind?” tanong niya habang naglalakad sila papuntang dining room.

“I needed intelligent conversations,” simpleng

tugon nito.

Tinakpan ni Kate ng malayang kamay ang nakangiting bibig. Naisip niyang boba siguro ang babaeng na-link sa binata.

"Don't get me wrong. Siguro ay mayroon ding model at beauty queen na maaaring makausap nang matino, pero ang dati kong nobya ay puro hangin ang utak," anito.

Nang makarating sila sa dining room ay pinaupo siya ni Jason at sinindihan ang limang kandila sa candelabra, pagkatapos ay pinatay ang mga ilaw. Umupo ito sa kanyang tabi at nag-alok ng mashed potatoes at stroganoff. Kumuha siya ng mga pagkain at nilagyan ang kanyang plato. Siya na rin ang naglagay ng pagkain sa plato nito.  Nagngitian sila.

Tahimik na kumain ang dalawa. Walang anu-ano ay pumailanlang sa ere ang tugtog ng isang makalumang kanta. Napansin ni Jason na maluha-luha ang dalaga. Mabilis na tumayo ang lalaki at nilapitan ang CD component, pagkuwa'y pinindot ang fast forward button niyon para ma-skip ang kantang iyon. Muli itong umupo sa kanyang tabi at hinawakan at kamay niya.

"S-sorry. Favorite song kasi iyon ni Daddy para

kay Mommy. That was the last thing he played on the stereo before they left on their fatal plane ride," sabi ni Kate.

Hinigpitan nito ang hawak sa kamay niya. "Soon, you will remember your parents with joy when you hear that song, but now, masyadong masakit pa rin para sa iyo ang pagkawala nila kaya naiiyak ka. Trust me on that one, okay?"

Tumangu-tango siya at ngumiti. Tahimik silang kumain ulit. Nang matapos silang pareho sa pagkain ay sinenyasan siya ni Jason na huwag munang tumayo. Nagpunta ito sa sala at muling nilapitan ang component. Pinalitan nito ng CD na natapos na sa pagtugtog at nagsalang ng panibago, this time pang-ballroom dancing. First bars pa lang ng kanta ay sumasayaw na ang lalaki habang papunta sa kinauupuan ni Kate.

"Miss Sto. Domingo, may I have the honor of this dance?" tanong nito na nakalahad ang kamay sa dalaga. Bigla ay naisip nito ang isa pang scenario; he was proposing marriage to Kate. Umiling ito. *We just met.*

She placed her hand on his, and together they walked towards the patio. Magaling na kasayaw si Jason. Marami itong alam na sayaw—swing, boogie,

chacha and tango. Lahat ng mga iyon ay sinayaw nila, at natuwa nang husto si Kate.

"I've never had so much fun in my life!" medyo hinihingal na sabi niya, pero nakangiti at halatang nag-e-enjoy sa pagsayaw nila. Magkahawak pa rin ang kanilang mga kamay.

"I'm glad," sagot nito. *Ako rin, I've never had this much fun in my life… or been this confused,* naisip nito.

Binitawan ni Jason ang mga kamay niya para buksan ang house lights, pagkuwa'y nagtungo sa dining room upang patayin ang mga kandila. Nalungkot si Kate dahil ibig sabihin nito ay tapos na ang gabi. Bumalik ang lalaki sa tabi niya at muli ay naghawak-kamay sila. It was the most natural thing to do—holding each other's hands, looking into each other's eyes.

Hinalikan siya nito bilang simpleng goodnight kiss sana. *As if things could ever be simple between the two of us,* naisip nito bago nilaliman ang halik.

"Jason…" she whispered.

Natanggal sa ayos ang kanyang buhok at ngayon ay nakalugay na sa kanyang mga balikat. Isa-isa niyang inalis sa pagkakabutones ang polo ng binata

bago nito ipinatong ang mga kamay sa kanyang mga kamay. Tiningnan niya ang mga mata nito at hindi siya nagulat sa nakita niyang labis na pagmamahal doon.

"Kate... sigurado ka bang gusto mo ito?" tanong ni Jason sa namamaos na tinig.

"Hindi," sagot niya. Malungkot na bumitaw ang lalaki sa kanyang mga kamay. Yumuko siya. "Hindi ko alam," bulong niya. "All I know is that I just met you, and yet, I feel like I've known you forever. This feels right. You feel right." Natawa siya, but it sounded hollow. "Siguro ay iniisip mo na fickle ako o di kaya'y I'm just a tease, like all the other guys who thought I was an easy game, only to find out in the end na hindi pala."

"Kate, if you want to say no, just say it. Alam mo naman na rerespetuhin ko iyon, di ba?"

"But I don't want to say no," deklara niya.

"Kate..." mahinang sabi nito bago hinalikan ang kanyang noo, ang mga matang nakapikit, ang ilong, at huli ang labi.

Biglang bumigay ang mga tuhod ng dalaga at niyakap siya ni Jason. "Easy," ngiti nito.

"I swear, hindi pa nangyayari sa akin ito."

"Alin? Ang bumigay ang tuhod?"

"No, ang halikan ako nang ganito, na parang hindi ko alam ang gagawin ko sa sarili ko," kumpisal niya. Hinalikan ulit siya ng binata bago pa man siya muling makapagsalita.

Hinalikan nito ang kanyang leeg, pagkuwa'y umakyat ang mga labi nito sa isang tainga niya. Bumaba ulit ang ulo nito at hinalikan ang ibabaw ng kaliwang dibdib niya. Napahigpit ang hawak niya sa polo shirt nito.

"Oh, Jason!"

Sandali siyang bumitaw rito. Nagtatanong ang mga matang tumingin ito sa kanya. Hindi inaalis ang mga mata sa mukha nito na binuksan niya ang zipper ng gown na naasa tagiliran niya.

Tinulungan siya ng binata na tanggalin ang damit pagkatapos ay tinapon na lang nito iyon sa ibabaw ng sofa. Humahangang pinagmasdan nito ang kanyang kabuuan; wala siyang suot na bra kundi ang tanging saplot na nagtatago sa kanyang kaselanan. Ipinagpatuloy niya ang naantalang pagtatanggal ng mga butones sa polo nito at hinubad ang shirt mula sa katawan nito.

Pinaglakbay niya ang mga kamay sa maskuladong dibdib nito at kinintalan ng halik ang bahagi kung saan tumitibok ang puso nito. *Akin ka,* isip niya habang hinahalikan ang dibdib nito.

"Kate, look at me," utos ng lalaki.

Tiningnan ng dalaga ang mahal niya with passion in her eyes.

"This is your last chance to say no. After this, there will be no turning back. Do you understand me?"

Hindi sumagot si Kate, hinalikan na lang niya sa labi ang binata at niyakap ito nang mahigpit. He held both her breasts in his hands and caressed them before his arms encircled her waist.

"Let's go to my room," bulong niya habang hinahalikan ito sa tainga.

Kinarga siya nito at naglakad patungo sa hagdanan. Habang umaakyat ay nagtagpo ang kanilang mga labi. Nang marating nila ang silid ng dalaga ay pumasok sila roon.

Maingat siyang inihiga nito sa kama, pagkuwa'y tumuwid ng tayo at sinimulang hubarin ang pantalon at underwear. Napalunok siya nang makita

ang makisig na pangangatawan nito lalo na nang mapatingin sa pagkalalaki nito. Tinabihan siya nito sa kama at hinalikan ang bawat parte ng katawan ng dalaga. Naramdaman nitong nanginginig siya.

"Don't be scared, love. I promise I'll be gentle," sabi nito habang hinahaplos ang kanyang pisngi bago siya masuyong hinalikan sa labi.

Pinag-isa ni Jason ang mga katawan nila at napasigaw si Kate dahil sa kirot na naramdaman. Saglit siyang tumigil sa paggalaw. Nabaghan siya; first time ng dalagang makipagtalik. Maling-mali siya sa kanyang palagay noon tungkol sa dalaga na isa itong pakawala. Nakadama siya ng labis na kasiyahan dahil siya ang nakauna rito. Pinahid niya ang luhang dumaloy sa pisngi nito at malalim na hinalikan ito sa labi. Mayamaya ay sabay na silang umiindayog sa ritmo ng pag-iibigan hanggang sabay nilang isinigaw ang pangalan ng bawat isa.

Nang matapos ang mapusok na tagpo, nakatulog sa pagod si Kate. Nakita ng binata ang bahid ng dugo sa puting bedsheet. Masuyo niyang hinalikan sa labi ang natutulog na babae at niyakap ito.

---

Tumila na ang malakas na ulan. Naunang

nagising si Kate. Pinagmasdan muna niya ang maamong mukha ng lalaking natutulog sa kanyang tabi. Napangiti siya pagkaalala sa nangyari nang nakaraang gabi. Maingat siyang bumangon mula sa kama at tahimik na pumunta sa banyo upang maligo—na gawain naman niya talaga tuwing umaga.

Nagising si Jason at narinig ang lagaslas ng tubig na nagmumula sa shower. Bumangon ito at pumasok sa banyo. Nakita nitong naliligo si Kate sa likod ng fiberglass panels ng shower.

Naghilamos ito pagkatapos gawin ang tawag ng kalikasan. Napaangat ang mukha nito mula sa lababo nang lumabas ang babae mula sa shower stall, tinatakpan pa lang ng tuwalya ang basang katawan.

Natigilan siya nang makita ang lalaki sa loob ng banyo. Wala itong anumang suot na saplot. Nagtama ang kanilang mga paningin.

"Good morning," kiming bati niya.

"Good morning, Kate. Did you sleep well?"

Isang pilit na ngiti ang isinagot niya. "We need to talk."

"I agree. We need to talk," masayang turan nito.

Tumango siya. "We'll talk after breakfast," aniya. *Ayoko pang masira ang magandang mood ko,* dagdag niya sa isip.

"Okay." Iniwan siya ni Jason upang magpunta sa silid nito at magbihis. Mayamaya ay bumaba ito para magluto ng agahan.

Subalit nakabalik na pala si Nanay Estrella at nakaluto na ng almusal. Nakita ito ng lalaki sa kusina. Ipinaliwanag ng matanda na bumalik sila ni Emong sa isla mula sa Aklan nang tumila nang kaunti ang ulan.